

Ang barangay at ikaw.


May kakayahan kaya ang mga napili mong kandidato na alagaan ang kapakanan ng iyong tahanan at pamilya, lalo na ang iyong mga anak?

Pumili ng mga kandidatong:

- May kakayahang mamuno at maglingkod sa komunidad, lalo na sa oras ng krisis at kalamidad;
- May plataporma tungkol sa katahimikan, seguridad, at kalusugan ng mga nasasakupan;
- May sariling pinagkakakitaan ngunit may oras na gampanan ang tungkulin sa barangay;
- Independent mula sa impluwensiya ng mga pulitiko;
- May sipag, talino, nasa tamang edad at may malusog na pangangatawan;
- May mabuting karakter at mapagkakatiwalaan.

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa 2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



Ang barangay at ikaw.

May kakayahan kaya ang mga napili mong kandidato na alagaan ang kapakanan ng iyong tahanan at pamilya, lalo na ang iyong mga anak?

Pumili ng mga kandidatong:

- May kakayahang mamuno at maglingkod sa komunidad, lalo na sa oras ng krisis at kalamidad;
- May plataporma tungkol sa katahimikan, seguridad, at kalusugan ng mga nasasakupan;
- May sariling pinagkakakitaan ngunit may oras na gampanan ang tungkulin sa barangay;
- Independent mula sa impluwensiya ng mga pulitiko;
- May sipag, talino, nasa tamang edad at may malusog na pangangatawan;
- May mabuting karakter at mapagkakatiwalaan.

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa 2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph